# DI KA SI SUPERMAN

*by:*
**ARCHIE B. ALARCON**
*Master Teacher I, Sto. Domingo Elementary School*

Mabuti pa ang puno ng kawayan habang tumataas mas lalong yumuyuko sa lupa ganun din sana ang tao, habang dumadami ang nakakamit na tagumpay sa buhay ay mas lalong yumuyuko at hindi yumayabang kundi mas lalong nagpapakumbaba.

Marami sa atin ang nagpapagal nang mabuti upang makamit ang tagumpay sa akademiko at sa iba't ibang aspeto ng buhay. Ngunit sa masidhing pag-abot natin sa mga ito, madalas nating makaligtaan ang salitang "pagpapakumbaba o kababaang-loob". Ang kababaang-loob ay isang mahalagang katangian na dapat taglayin at isabuhay upang hindi tayo malunod ng ating mga tagumpay at pangarap sa buhay. Ang pagpapakumbaba ay hindi lamang tungkol sa pagkilala sa mga bagay na di nating kayang gawin, bagkus ito rin ay pagkilala, pag-amin, at pagtanggap sa mga taong tumulong upang makamit ang iyong tagumpay. Sabi nga sa palasak na katagang, "Walang nilalang ang nabubuhay para sa kanyang sarili lamang". Hindi mo makakamit ang lahat ng bagay ng walang kasama. Kailangan mo ng katuwang at kasama na magsisilbing gabay sa pagkamit ng ng iyong tagumpay. Ang iyong guro, magulang, at kaibigan na magbibigay sa'yo ng suporta, lakas, payo at gabay sa tinatahak mong lakbayin sa buhay.

Ang pagpapakumbaba ang nagbibigay ng pagkakataon upang makita ang iyong sarili sa tunay at mas malawak na perspektibo, na hindi ikaw ang pinakamahusay sa lahat ng larangan, at mayroon na mas nakakahigit sa iyo at marami ka pang bagay na dapat matutunan sa pag-abot ng iyong tagumpay at mga pangarap sa buhay. Sa

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

pagpapakumbaba, ikaw ay mas nagiging bukas sa mga bagong karanasan at kaalaman na makakatulong s aiyo sa pagkamit ng mga minimithi mo sa buhay.

Bukod dito, ang kababaang-loob ay nagbibigay ng respeto mula sa ibang tao. Kapag ika'y nagpapakumbaba, Ikaw ay mas handa na makinig sa iba. Maiiwasan ang pagiging arrogante o mapagmataas, at Ikaw ay mas magiging mabuting mag-aaral, kaibigan at mabuting mamamayan. Gaya ng winika sa bibliya sa libro ni Mateo 5:5-6 Pinagpala ang mga taong mapagpakumbaba, 'pagkat sila'y magmamana sa buong daigdig. Pinagpala ang mga taong mapagmalabis at naghahangad na tuparin ang kalooban ng Diyos, para sila'y masiyahan. Sa huli, ang pagpapakumbaba ay susi sa tunay na tagumpay sa buhay.

Kaya naman, bilang mag-aaral, dapat tumimo sa puso at maikintal sa isipan ng bawat kabtaan na ang kababaang-loob ay may malaking bahaging ginagampanan sa ating paglalakbay tungo sa kasiya-siaya at matagumpay na pamumuhay. Huwag na huwag kalimutan na di ka nag-iisa at laging may makakatuwang habang ika'y nabubuhay sa mundong ibabaw. Laging maging bukas sa lahat ng bagay dahil marami ka pang bagay na di alam at kailangan pang malaman at higit na matutuhan at maunawaan.

Sa pagpapakumbaba, tayo ay higit na nagiging malakas, matibay, at matatag sa pagharap sa hamon ng buhay. Laging tandaan, "Di ka si Superman", wala kang kapanyarihan para lumipad at lalong walang karapatang magyabang dahil lahat ng mayroon tayo ay pawang hiram lamang sa ating Diyos na mahal. Kaya laging panatilihin ang paa sa lupa at mata sa kalangitan. Patuloy na mangarap na walang tinatapakang sinuman kundi ang lupang gawa ng maykapal.

*References:*

"Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa pagpapakumbaba?:"



depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Https://www.gotquestions.org/Tagalog/bibliya-pagpapakumbaba.html

"Ang Sampung Kautusan - Kautusan 8 - Wattpad" https://www.wattpad.com/amp/433686462

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan